FILIPINO 2

Kaugnay at Di-kaugnay na Pangyayari

Pangalan: ______________________________ Petsa: ____________________

Panuto: Basahin ang maikling kwento. Piliin ang **K** kung ang pangyayari sa bawat bilang ay kaugnay at **D** kung di – kaugnay.

**Ang Aso at ang Uwak**

May isang ibong uwak na nakakita ng karne na nakabilad sa araw. Tinangay niya ito at lumipad ng malayo. Sa dulo ng sanga ng isang puno ay sinimulan niyang kainin ang karne.

Ngunit narinig niya ang malakas na boses ng isang aso na nagsabing "Sa lahat ng ibon, ang uwak ang pinakamagaling. Walang kakumpara!"

Natuwa ang uwak at binukas ang bibig para humalakhak. Ang nangyari ay nalaglag ang karne mula sa kanyang bibig. Nahulog ito sa lupa kung saan kaagad sinunggaban ng aso.

Walang nagawa si uwak kundi tingnan ang pagkain ng aso sa nahulog niyang karne.

Mula noon hindi na nagpalinlang si uwak kay aso.

*Halaw sa Pinoy Collection*

D K 1. Tinangay ng uwak ang nakita niyang karne.

D K 2. Nakakita ng isang pitsel na may tubig ang kalapati.

D K 3. Nalaglag ang karne mula sa bibig ng uwak.

D K 4. Kinain ng aso ang nahulog na karne.

D K 5. Masipag mag-aral si Loisa.

D K 6. Pinuri ng aso ang uwak.

LIVEWORKSHEETS